Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng kaantasan ng pang-uri

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **L** kung ang pang-uri na may salungguhit ay nasa **lantay** na antas, **PH** kung ito ay nasa **pahambing** na antas, at **PS** kung ito ay nasa **pasukdol** na antas.

1. _____ Kailangan ko ng <u>makapal</u> na kumot.
2. _____ Si Maricar at Marco ay <u>magkasinggulang</u>.
3. _____ <u>Kay guwapo</u> ng panganay ni Ginang Lopez!
4. _____ Ang sasakyan ni Gino ay <u>simbilis</u> ng tren.
5. _____ Ang mga daan sa lugar ng mga iskuwater ay <u>makipot</u>.
6. _____ <u>Tamad na tamad</u> ang lalaking istambay diyan sa tindahan.
7. _____ Si Ate Lea ay <u>labis na mabait</u> kaysa kay Ate Elsa.
8. _____ Ang mga ito ay ang <u>pinakamagagarang</u> damit ni Ate Emily.
9. _____ <u>Higit na malubak</u> ang daan dito kaysa roon!
10. _____ Ang mga alagang hayop ni Mang Pedro ay <u>malulusog</u>.
11. _____ Si Gabriel ay <u>mas makulit</u> kay Rico.
12. _____ Ang bagong sapatos ko ay <u>matibay</u>.
13. _____ <u>Ang ganda-ganda</u> ng mga parol sa tindahang iyon!
14. _____ <u>Kapangalan</u> ni Anita ang lola ni Jose.
15. _____ Ang karamdaman ngayon ni Grace ay <u>maselan</u>.
16. _____ <u>Napakasikip</u> sa MRT tuwing uwian!
17. _____ <u>Maburol</u> ang lugar na pupuntahan natin.
18. _____ Sa lahat ng manlalaro, <u>pinakamatangkad</u> si Sam.
19. _____ Ang presyon ng dugo ni Ginoong Marquez ay <u>mababa</u>.
20. _____ <u>Di-masyadong matao</u> sa *mall* kanina.